7'4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, NOONG IKA- 1 NG MARSO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 061-T'2000**

**KAPASIYAHANG NIRARATIPIKA ANG KASUNDUANG PINASUKAN NG KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN AT GNG. JULIETA M. SO HINGGIL SA PAGTATAPON NG BASURA SA ISANG BAHAGI NG LUPANG PRIBADO SA BARANGAY PALASAN NG BAYANG ITO NA BABAYARAN SA HALAGANG P55,000.00 BAWAT BUWAN.**

**SAPAGKA'T,** may panibagong kasunduang isinagawa ukol sa pagtatapon ng basura sa isang pribadong lupang pag-aari ni Gng. Julieta M. So sa Barangay Palasan ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang itinakdang halaga sa pagtatapon ng basura ay umaabot ng P55,000.00 bawat buwan;

**SAPAGKA'T,** ang naturang kasunduan ay magkakabisa sa niloloob an ng taong kasalukuyan habang ang pamahalaang bayan ay hindi pa nagkakaroon ng sariling tapunan ng basura;

**SAPAGKA'T,** ang naturang halagang ibabayad sa pagtatapon ng basura ang siyang halagang ipinaiiral ayon sa kasunduan at anumang halaga ng naging kalakaran nang mga nakaraan ay pinawawalang-bisa;

**SAPAGKA'T,** ang kontrata ay pinagtibay base sa pagsunod sa mga patakarang nakapaloob dito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na ratipikahin ang kasunduang pinasukan ng mga Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban at Gng. Julieta M. So hinggil sa pagtatapon ng basura sa isang bahagi ng lupang pribado sa Barangay Palasan ng bayang ito na babayaran sa halagang P55,000.00 bawat buwan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at G. Julieta M. So, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 61-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan